ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

# PAGLALAYAG SA KARANASAN NG MGA MAG-AARAL SA PAGSULAT NG EDITORYAL AT PAGLALARAWANG TUDLING SA MGA PAMAHAYAGANG PANGKAMPUS: ISANG KUWALITATIBONG PAG-AARAL

**Shera V. Dalapo., LPT[1], Susan B. Dipolog, PhD[2]**
*[1]ORCID No. 0009-0004-0264-9783*
*Teacher I, Father Saturnino Urios College of Trento Inc., Poblacion, Trento, Agusan del Sur, Philippines*
*[2]ORCID No. 0000-0001-8292-1564*
*College Faculty, University of Mindanao, Tagum City, Davao del Norte Philippines*

**Article DOI: https://doi.org/10.36713/epra20027**
**DOI No: 10.36713/epra20027**

**ABSTRAK**

*Ang layunin ng pag-aaral na ito ay matuklasan, matukoy, at maunawaan ang buhay na karanasan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling sa ikalawang Distrito sa Dibisyon ng Agusan del Sur. Tinuklas nito ang mga pamamaraan na pinagtibay ng mga batang mamamahayag upang matagumpay na mailahad ang totoong mga pangyayari sa lipunan bilang isang mamamahayag. Saklaw ng pananaliksik na ito ang karanasan ng labing-apat (14) na mga batang mamamahayag na kinapapalooban ng mga manunulat ng editoryal at kartunist mula sa iba't ibang pampublikong paaralan ng ikalawang Distrito sa Dibisyon ng Agusan del Sur. Nagkaroon ng dalawang presentasyon ng resulta mula sa mga tugon ng kartunist at manunulat ng editoryal. Mula sa mga naging karanasan ng mga manunulat ng editoryal natuklasan ang mga sumusunod na tema: kakulangan ng sapat na kaalaman sa paksa, malalim na pag-unawa sa mga isyung panlipunan, kahirapan sa pagbuo ng pamagat, kaayusan at kalinawan ng sulat-kamay, pagiging obhetibo at patas na pagpapahayag. Kaugnay naman sa mga pag-uugali, hakbang at mga estratehiya kung paano nalampasan ang mga suliranin sa pagsulat ng editoryal lumitaw ang mga sumusunod na tema; palagiang pagsasanay sa pagsusulat, paggabay ng tagapayo at kapwa mamamahayag, pagsagawa ng pananaliksik, pagtitiwala sa sariling kakayahan. Tungkol naman sa mga naging kabatiran ng mga manunulat ng editoryal lumutang ang mga sumusunod na mga tema: paglalan nang tamang oras sa pagsusulat, pagkakaroon ng malawak na kamalayan sa mga isyung panlipunan, pagsusumikap at determinasyon para sa sariling pag-unlad, pagtutulungan at motibasyon ng kapwa mamamahayag. Mula naman sa mga naging tugon ng mga kartunist sa kanilang mga naging karanasan sa pagguhit ng kartung editoryal umusbong ang mga sumusunod na tema: kamalayan sa mga isyung panlipunan, kahirapan sa pag-unawa sa paksa, kahirapan sa pagbuo ng larawan, pagiging mapanuri sa pagbuo ng larawan. Kaugnay sa mga hakbang, estratehiya sa kung paano nalampasan ng mga kartunist ang kanilang mga hamon sa pagguhit ng mga kartun ang lumitaw ang mga sumusunod na tema: palagiang pagsasanay sa pagguhit, gabay ng tagapayo at suporta ng mga magulang, at pagpapaunlad ng kasanayan. Tungkol naman sa mga naging kabatiran ng mga kartunist natuklasan ang mga sumunod na tema: paniniwala sa sariling kakayahan, pagpupursige sa patuloy na pagsasanay, palagiang pagbabasa ng mga mapagkukunang impormasyon. Mahalaga ang pag-aaral na ito bilang batayan ng mga batang mamamahayag sa pakikibaka sa mundo ng pamahayagang pangkampus at ang kahalagahan ng kanilang tungkulin sa lipunan. Sa pamamagitan nito, maraming mga kabataan ang magiging susi ng pagbabago ng komunidad, bansa maging sa buong mundo*.

**MGA SUSING SALITA**: *kartunist, manunulat ng editoryal, batang mamamahayag, pamahayagang pangkampus, Agusan del Sur*

## INTRODUKSIYON

Isa sa mga gawain na isinagawa sa loob ng paaralan ay ang pamahayagang pangkampus na layuning makapaghatid ng mga totoong impormasyon na nangyari sa loob at labas ng paaralan. Tinutulungan nito ang mga mag-aaral at komunidad na kinabibilangan na magkaroon ng koneksiyon, pati na rin ang pagkakaroon ng kakayahan ng mga batang mamamahayag na suriin ang katotohanan sa likod ng mga isyung umiiral sa lipunan. Subalit naging malaking hamon sa panig ng mga mamamahayag ang paghatid ng mga totoong balita at malinaw na mensahe gamit ang mga salita at higit sa lahat kung paano makabuo at malikha ng isang mahusay na sining, tulad ng paglalarawang tudling bilang isang epektibong pamamaraan na nagpapakita ng mga suliraning panlipunan na maaaring pumukaw sa kamalayan at interes ng mamamayan.

Sa isang pananaliksik na isinagawa sa bansang Pakistan, nagkaroon ng malawakang impluwensiya ang paglalarawang tudling sa opinyon at pananaw ng mga tao, subalit makikita ang kakulangan ng pokus sa paglalarawan sa mga isyung pampolitika at kalagayang pang-ekonomiya ng bansa (Maryum, 2023). Katunayan sa bansang Malaysia, naging hamon ang hindi malinaw na tungkulin at gampanin ng mga konseptong nakapaloob sa mga paglalarawang tudling na nagresulta sa kalituhan sa mensaheng nais nitong ipabatid (Achin et al., 2023). Isa ring suliranin na hinarap ng mga pahayagan sa bansang Nepal, ang hindi paglalathala ng editoryal bilang bahagi ng mga pahina nito sa kadahilang itinuring itong mababang uri ng sulatin at hindi nagustuhang basahin ng mga tao (Teijlingen et al., 2022).

Sa bansang Pilipinas, itinuring na pinabayaang genre ang pagsulat ng editoryal bilang isang teksto na nakalimbag sa iba't ibang pahayagan (Tumabing,2023). Dagdag pa, naging malaking suliranin ang ilang mga editoryal dahil sa pagtataguyod nito ng mga usaping pampolitika at pagsuporta sa konseptong populism na naging dahilan ng pagiging biased ng mga nila laman nito (Ragragio, 2023). Katunayan, naging malaking suliranin ng ilang mamahayag ang kakulangan ng malinaw na mensahe na taglay ng isang paglalarawang tudling bilang batayan upang maipakita ang totoong opinyon ng mamamayan tungkol sa mga isyung

panlipunan (Mangila, 2021). Sa Dibisyon ng Agusan del Sur, Distrito ng Trento, malaking hamon ang hinarap ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng mga sulatin tulad ng pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling, lalo na sa mabisang paghahatid ng mensahe, ang kakulangan sa organisayon ng mga datos at ang paglalahad ng mga argumento. Idagdag pa ang pagbuo ng isang mahusay na paglalarawang tudling bilang isang pamamaraan sa pagpapabatid ng lalim at lawak ng kaalaman tungkol sa mga nangyayari sa lipunan. Kung kaya, ito ay naging balakid sa mga batang mamamahayag upang makapagbigay ng totoo at mapansaligang mga impormasyon.

Ang pananaliksik na ito ay may pagkakatulad sa pananaliksik ni Balunsay (2022) at Ancheta at Macaltao (2021), subalit pinagtutunan ng kanilang pananaliksik ang kakayahan ng isang guro sa pagtuturo ng pagsulat ng editoryal at paglikha ng isang babasahin ukol sa paglalarawang tudling bilang kagamitang pampagtuturo, ngunit naiiba ang gagawing pananaliksik sapagkat ang pokus nito ang karanasan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling bilang mga sulatin sa pamahayagang pangkampus. Nais kong galugarin ang karanasan, pananaw at kabatiran nila na nauukol sa pagsulat ng editoryal at paglikha ng paglalarawang tudling.

Isang napapanahon ang isinagawang pag-aaral dahil sa muling pagkabuhay ng pamahayagang pangkampus at paglikha nito ng mga batang mamamahayag. Kung gayon, mahalagang bigyang-tuon ang mga suliranin kaugnay sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling bilang mga bahagi sa pamahayagan. Kaugnay dito, kinailangang paigitingin ng Kagawaran ng Edukasyon ang programa sa pamahayagang pangkampus at pagresolba sa mga suliranin kaugnay dito. Higit sa lahat isang karangalan sa panig ng mananaliksik na maipahayag ang kanyang pag-aaral, lokal, nasyonal at internasyonal sa alinmang Kongreso ng Pananaliksik upang magsilbing instrumento sa pagmulat ng kamalayan ng bawat tao sa tunay na nangyari sa mundo.

**Layunin ng Pananaliksik**

Layunin ng penomenolohikal na pag-aaral na ito na matuklasan, matukoy at maunawaan ang buhay na karanasan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling sa ikalawang Distrito sa Dibisyon ng Agusan del Sur. Kaugnay nito, tinukoy din ang mga pamaraang kanilang pinagtibay upang matagumpay nilang maipahayag ang totoong mga pangyayari sa lipunan bilang isang mamamahayag.

Sa pag-aaral na ito, binigyang-kahulugan ang pagsulat ng editoryal bilang naglalaman ng mga hinuha ng isang pahayagan tungkol sa mga napapanahong isyung panlipunan. Ito ay naglalaman ng mga argumento, kuro-kuro na pinatutunayan ng mga datos o istatistika; at ang paglalarawang tudling bilang isang masining na pamamaraan ng paglalarawan gamit ang mga imahe na nagpapakita ng pagmamalabis, katatawanan at simbolismo at kadalasang inilalahad nito ang mga problemang laganap sa lipunan.

**Mga Katanungan ng Pananaliksik**

1. Ano- ano ang mga karanasan ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling bilang mga sulatin sa pamahayagang pangkampus?
2. Paano nalampasan ng mga batang mamamahayag ang mga suliranin sa pagkatuto ng pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling?
3. Ano-ano ang mga kabatiran ng mga batang mamamahayag sa kanilang mga naging karanasan sa pagsulat ng editoryal at paglalarawang tudling ang maaari nilang maibahagi sa kapwa nila mamamahayag?

## METODOLOHIYA

Ang pag-aaral na ito ay gumagamit ng kwalitatibong pamamaraan, partikular na ang penomenolohikal na istilo. Ang mga kalahok sa pag-aaral ay labing-apat (14) na batang mamamahayag sa pamahayagang pangkampus mula sa mga piling pampublikong paaralan sa Ikalawang Distrito ng Dibisyon ng Agusan del Sur. Sila ay binubuo ng pitong (7) manunulat ng editoryal sa Filipino (editorial writers) at pitong (7) kartunist (editorial cartoonists). Upang makuha ang kanilang pananaw at karanasan, ang pitong (7) kalahok ay sumailalim sa in-depth interview, samantalang ang natitirang pito (7) ay lumahok sa focus group discussion.

Sa pagpili ng kalahok, isinagawa ito batay sa sumusunod na inklusyon krayterya: (1) isang mamamahayag sa pamahayagang pangkampus mula sa mga piling pampublikong paaralan sa Ikalawang Distrito ng Agusan del Sur, (2) isang manunulat ng editoryal sa Filipino o isang kartunist, at (3) aktibong bahagi ng pamahayagang pangkampus sa loob ng hindi bababa sa dalawang (2) taon. Kabilang din sa proseso ang eksklusyon krayterya, kung saan hindi isinama ang (1) mamamahayag sa labas ng paaralan, tulad ng mga mula sa iba't ibang estasyon sa radyo, at (2) mamamahayag mula sa mga pribadong paaralan.

Sa pagsusuri ng datos, coding ang ginamit upang ayusin at uriin ang mga sagot ng mga kalahok mula sa panayam at mabuo ang mga pampakay na ideya. Susundan ito ng tematikong pagsusuri upang suriin ang mga nakuhang ideya at konsepto. Sa buong proseso ng pananaliksik, isasaalang-alang ang mga etikal na konsiderasyon upang maprotektahan ang kapakanan ng mga kalahok.

## MGA RESULTA

**Karanasan ng mga Batang Mamamahayag sa Pagsulat ng Editoryal sa Pamahayagang Pangkampus**

Nang sinuri ang mga tugon at kasagutan ng mga manunulat ng editoryal hinggil sa unang katanungan tungkol sa mga naging karanasan nito sa pagsulat ng editoryal ay inilahad nito ang kanilang mga naging karanasan bilang mga batang mamamahayag sa pamahayagang pangkampus.

Lumitaw ang mga nabuong tema mula sa mga tugon ng partisipante: (a) kakulangan ng kaalaman sa paksa; (b) malalim na obserbasyon sa mga kaganapan sa kapaligiran; (c) kahirapan sa pagbuo ng pamagat; (d) kaayusan at kalinawan ng sulat-kamay; (e) pagiging obhetibo at patas na pagpapahayag. Makikita nang malinaw sa unang talahanayan ang mga pangunahing ideya at mga tema na nagpapakita sa naging resulta.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 1.1**
**Mga Pangunahing Tema at mga Kaisipan Tungkol sa mga Karanasan ng mga Batang Mamamahayag sa Pagsulat ng Editoryal sa Pamahayagang Pangkampus**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| **Kakulangan ng Sapat na Kaalaman sa Paksa** | • Kakulangan ng kaalaman sa mga paksang hindi napag-aralan dahil sa limitadong oras<br>• Kakulangan ng kaalaman sa mga paksang bago at malalimang pagsusuri<br>• Kakulangan ng sapat na impormasyon at batayan sa paksa<br>• Kawalan ng kaalaman sa paksa<br>• Kakulangan ng kaalaman sa paksa na nagdudulot ng mental block |
| **Malalim na Obserbasyon sa mga Kaganapan sa Kapaligiran** | • Pagsagawa ng malalim na obserbasyon sa mga nangyayari sa paligid<br>• Pagkakaroon ng malawak na kaalaman sa mga kasalukuyang pangyayari<br>• Pagiging mulat sa mga balitang nagaganap sa paligid<br>• Pagiging maalam sa mga isyung nangyayari sa paligid<br>• Pagkakaroon ng masusing pagsusuri sa mga nangyayari sa komunidad |
| **Kahirapan sa Pagbuo ng Pamagat** | • Kahirapan sa pagbuo ng tamang pamagat na sumasalamin sa buong artikulo<br>• Kahirapan  sa pagbuo ng angkop na pamagat<br>• Kahirapan sa pagbuo ng makatatawag pansing pamagat<br>• Kahirapan sa pagbuo ng angkop at wastong pamagat<br>• Kahirapan sa pagbuo ng wastong pamagat na mag-uugnay sa kabuoang artikulo |
| **Kaayusan at Kalinawan ng Sulat-kamay** | • Pagpapahalaga sa pagiging maayos na sulat-kamay<br>• Pagsusumikap na maging maayos ang sulat-kamay<br>• Pagkakaroon ng malinaw at madaling maintindihan na sulat-kamay<br>• Pagpapanatili ng maayos at malinaw na sulat-kamay |
| **Pagiging Obhetibo at Patas na Pagpapahayag** | • Pagsulat na may pagsasalang-alang sa bawat panig ng isyu<br>• Pagiging obhetibo at balanseng pagpapahayag ng emosyon o opinyon.<br>• Pagiging patas, at pag-iwas sa pagpapairal ng personal na bias o emosyon<br>• Pag-unawa sa magkabilang panig ng isyu upang makabuo ng balanseng pananaw<br>• Pagsusuri ng iba’t ibang pananaw upang makabuo tumpak na panghuhusaga |

**Karanasan ng mga Batang Mamamahayag sa Pagguhit ng Paglalarawang Tudling sa Pamahayagang Pangkampus**

Nang masuri ang mga tugon at kasagutan ng mga batang mamamahayag hinggil sa unang katanungan tungkol sa mga naging karanasan nito sa pagguhit ng paglalarawang tudling o kartung editoryal ay inilahad nito ang kanilang mga naging karanasan bilang mga batang mamamahayag sa pamahayagang pangkampus.

Lumitaw ang mga nabuong tema mula sa mga tugon ng partisipante: (a) kamalayan sa mga isyung panlipunan; (b) kahirapan sa pag-unawa sa paksa; (c) kahirapan sa pagbuo ng larawan; (d) pagiging mapanuri sa pagbuo ng larawan. Makikita nang malinaw sa unang talahanayan ang mga pangunahing ideya at mga tema na nagpapakita sa naging resulta.

**Talahanayan 1.2**
**Mga Pangunahing Tema at Kaisipan Tungkol sa mga Karanasan ng mga Batang Mamamahayag sa Pagbuo ng Paglalarawang Tudling sa Pamahayagang Pangkampus**

| Pangunahing Tema | Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Kamalayan sa mga Isyung Panlipunan | • Malawak na kaalaman sa mga kasalukuyang pangyayari sa lipunan<br>• Malawak na kaalaman sa mga isyung umiiral sa lipunan<br>• Malalim na pag-unawa sa mga isyung nangyayari sa lipunan<br>• Pagkakaroon ng kamalayan sa mga kasalukuyang pangyayari sa lipunan<br>• Mapanuri sa mga kasalukuyang balita na nagaganap sa lipunan<br>• Pagiging mulat sa mga isyung nangyayari sa lipunan<br>• Malalim na pang-unawa sa mga napapanahong mga isyu sa mundo |
| Kahirapan sa Pag-unawa sa Paksa | • Kahirapan sa pag-unawa at pagbigay interpretasyon sa paksa<br>• Kahirapan sa pag-unawa sa paksa lalo na kung walang sapat na batayan<br>• Kawalan ng ideya sa paksa na magiging batayan sa pagguhit ng kartun<br>• Kawalan ng ideya sa paksa na nagdudulot na walang maiguhit na kartung editoryal<br>• Kahirapan sa pagbibigay interpretasyon sa bubuoing editoryal kartun |
| Kahirapan sa Pagbuo ng Larawan | • Kahirapan sa paglapat ng angkop na ekspresyon at emosyon sa mga larawan<br>• Kahirapan sa pagguhit ng tamang ekspresyong gagamitin sa larawan<br>• Kahirapan sa pagbuo ng angkop na anyo ng mukha<br>• Kahirapan sa pagbuo ng tamang ayos at porma ng mga larawan |

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

| | |
|---|---|
| Pagiging Mapanuri sa Pagbuo ng larawan | • Pagkakaroon ng kritikal na pag-iisip sa pagsusuri sa paksa bilang batayan sa pagguhit ng kartung editoryal<br>• Pagdebelop ng kakayahang makapag-isip nang mabilis tungkol sa paksa<br>• Pagkakaroon ng malalim na pag-unawa sa paksa<br>• Pagkakaroon ng kritikal na pag-isiip upang makabuo ng tama sa pagguhit ng kartung editoryal |

**Paraan ng mga Batang Mamamahayag sa Pagharap sa mga Suliranin sa Pagkatuto ng Pagsulat ng Editoryal**

Matapos masuri ang mga tugon ng mga manunulat ng editoryal hinggil sa ikalawang katanungan tungkol sa kung paano nalampasan ng mga batang mamamahayag ang pagsulat ng editoryal ay may umusbong na mga pag-uugali, estratehiya at mga hakbang na naging sandata upang malagpasan ang mga suliranin sa pagsulat ng editoryal.

Mula sa mga tugon ng partispante ay may nasuring mga pahayag kung saan ay nabuo ng mananaliksik ang sumusunod na tema: (a) palagiang pagsasanay sa pagsusulat; (b) paggabay ng tagapayo at kapwa mamamahayag; (c) pagsagawa ng pananaliksik; at (d) pagtitiwala sa sariling kakayahan. Nailatag sa ikalawang talahanayan kung paano nalampasan ng mga manunulat ng editoryal ang mga hamong kanilang naranasan sa pagsulat ng editoryal.

**Talahanayan 2.1**
**Paraan ng mga Batang Mamamahayag sa Paglampas sa mga Suliranin sa Pagkatuto ng Pagsulat ng Editoryal**

| Mga Pangunahing Tema | Mga Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Palagiang Pagsasanay sa Pagsusulat | • Paulit-ulit na pagsasanay sa pagsusulat hanggang magkaroon ng maayos na resulta<br>• Patuloy na pagsasanay sa pagsulat upang maging eksperto<br>• Pagiging konsistent sa patuloy na pagsusulat<br>• Palagiang pagsasanay sa pagsusulat<br>• Pagiging masigasig na magpatuloy sa pagsusulat<br>• Patuloy na pagsasanay sa pagsusulat |
| Paggabay ng Tagapayo at Kapwa Mamamahayag | • Gabay at tulong ng tagapayo sa paraan ng pagsulat ng mamamahayag<br>• Motibasyon ng mga kapwa mamamahayag na magpatuloy sa pagsusulat<br>• Tulong ng mga tagapayo sa pagpapatibay ng pundasyon ng kaalaman<br>• Inspirasyon ng tagapayo na malagpasan ang kaba at presyur ng pagiging isang mamamahayag<br>• Gabay ng tagapayo sa pagwawasto at pagpapabuti sa mga sulatin<br>• Motibasyon ng mga guro sa mga mamamahayag na magpatuloy sa pagiging isang mamamahayag<br>• Pagtulong ng tagapayo sa paghahanap ng mga datos at impormasyon |
| Pagsasagawa ng Pananaliksik | • Pagbabasa ng mga mapagkukunang impormasyon sa pagpapataas ng kaalaman sa pagsulat<br>• Pananaliksik sa mga napapanahong isyung panlipunan<br>• Pagsagawa ng mga paunang pananaliksik sa mga napapanahong mga balita<br>• Pagbabasa at panonood ng mga balita upang mapaunlad ang kasanayan sa pagsulat<br>• Pagbabasa at pagsasagawa ng pananaliksik sa pagpapalawak ng kaalaman<br>• Panonood at pagbabasa ng mga balita |
| Pagtitiwala sa Sariling Kakayanan | • Pagpapalakas ng loob sa sarili at hindi pagsuko sa mga hamon<br>• Pagiging malakas ang loob na magpatuloy sa mga gusto o nais gawin lalo na ang pagsusulat<br>• Paniniwala sa sariling kakayahan |

**Paraan ng mga Batang Mamamahayag sa Pagharap sa mga Suliranin sa Pagkatuto ng Pagguhit ng Paglalarawang Tudling**

Nang masuri ang mga tugon at kasagutan ng mga batang mamamahayag hinggil sa ikalawang katanungan tungkol sa kung paano nito nalampasan ang pagguhit ng paglalarawang tudling o kartung editoryal ay inilahad nito ang kanilang mga naging solusyon, mga hakbang at pag-uugali bilang mga kartunist sa pamahayagang pangkampus.

Lumitaw ang mga nabuong tema mula sa mga tugon ng partisipante: (a) palagiang pagsasanay sa pagguhit; (b) paggabay ng tagapayo at suporta ng mga magulang; (c) pagpapaunlad ng kasanayan. Makikita nang malinaw sa ikalawang talahanayan ang mga pangunahing ideya at mga tema na nagpapakita sa naging resulta.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 2.2**
**Paraan ng mga Batang Mamamahayag sa Paglampas sa mga Suliranin sa Pagkatuto sa Pagguhit ng Paglalarawang Tudling**

| Pangunahing Tema | Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Palagiang Pagsasanay sa Pagguhit | • Patuloy na paghahasa sa kasanayan sa pagguhit ng mga simbolo<br>• Tuwinang pagpapabuti sa kasanayan sa pagguhit ng mga kartun<br>• Patuloy na pagsasanay sa paglililim, pinagmulan ng liwanag at dilim ng isang imahe<br>• Patuloy na pagsasanay sa loob at labas ng paaralan<br>• Araw-araw na pagsasanay ng pagguhit<br>• Tuwinang pagsasanay sa pagguhit sa pagpapabuti ng mga iginuguhit<br>• Palagiang pagsasanay sa pagguhit |
| Paggabay ng Tagapayo at Suporta ng mga Magulang | • Gabay at tulong ng tagapayo sa tamang pag-uugali ng isang mamamahayag<br>• Suporta ng magulang lalo na sa lubusang pag-unawa sa mga isyung panlipunan<br>• Pamatnubay ng mga tagapayo sa pagpapaunlad ng kakayahan sa pagguhit<br>• Pagwasto at pagpapabuti ng tagapayo sa paraan ng pagguhit<br>• Suporta ng mga magulang lalo na sa pagbibigay ng materyales sa pagguhit<br>• Paulit-ulit na pagpapasanay at pagwawasto ng mga tagapayo |
| Pagpapaunlad ng Kasanayan | • Pagsali sa mga *trainings at workshop* sa paaralan<br>• Panonood ng mga videos na pumapaksa sa pagpapabuti ng pagguhit ng mga kartun<br>• Panonood ng mga balita at pagbabasa ng mga artikulo upang mapalawak ang kaaalaman<br>• Panonood ng mga mga pagsasanay sa youtube, tiktok sa mga tamang pamamaraan tamang pagbuo ng isang kartun |

**Mga Kabatiran ng mga Batang Mamamahayag Tungkol sa Pagsulat ng Editoryal sa Pamahayagang Pangkampus**

Nang nakalap ng mananaliksik ang mga naging tugon ng mga manunulat ng editoryal sa ikatlong katanungan hinggil sa kanilang mga naging kabatiran sa pagsulat ng editoryal ay komprehensibo nilang nailahad ang kanilang mga pananaw at ideya.

Mula sa mga tugon ng partispante ay may nasuring mga pahayag kung saan ay nabuo ng mananaliksik ang sumusunod na tema: (a) paglalan nang tamang oras sa pagsusulat; (b) pagkakaroon ng malawak na kamalayan sa mga isyung panlipunan; (c) pagsusumikap at determinasyon para sa sariling pag-unlad; (d) pagtutulungan at motibasyon ng kapwa mamamahayag. Nailahad sa ikatlong talahanayan ang mga nagging kabatiran ng mga batang mamamahayag sa pagsulat ng editoryal.

**Talahanayan 3.1**
**Mga Pangunahing Tema at Kaisipan sa mga Kabatiran ng mga Batang Mamamahayag sa Pagsulat ng Editoryal sa Pamahayagang Pangkampus**

| | |
|---|---|
| Paglalaan nang Tamang sa Oras sa Pagsulat | • Paggamit ng tamang oras sa pagsusulat<br>• Pagtugon sa itinakadang oras ng pagsusulat<br>• Paglalaan nang partikular na oras sa pagsulat at pananaliksik<br>• Pamahalaan ng tama ang oras ng pagsusulat |
| Pagkakaroon ng Malawak na Kamalayan sa mga pangyayari sa Lipunan | • Nagbibigay ng mahahalagang impormasyon tungkol sa lipunan<br>• Nagpapabatid sa mga isyung nangyayari sa paligid<br>• Nagbubukas nang isipan sa mga nangyayari sa komunidad<br>• Pagkakaroon ng kaalaman o pag-unawa sa mga nangyayari sa paligid o lipunan |
| Pagsusumikap at Determinasyon para sa Sariling Pag-unlad | • Pagsusumikap at determinasyon sa pag-abot ng mga layunin<br>• Pagsisikap na magpatuloy para sa mas malaking oportunidad<br>• Pagsusumikap sa sarili na magpatuloy upang makamit ang layunin na maging mahusay na mamamahayag<br>• Pagsusumikap na magpatuloy sa pagsusulat sa kabila ng mga hamon nito |
| Pagtutulungan at Motibasyon ng Kapwa Mamahayag | • Pagpapahalaga sa mga naging kontribusyon ng kapwa mamamahayag<br>• Pagtutulungan at pagbibigay motibasyon sa bawat isa<br>• Pagkakaroon ng impluwensiya ng kapwa mamamahayag sa isa't isa<br>• Pagpapalakas nang loob ng kapwa mamahayag sa bawat isa |

**Mga naging Kabatiran ng mga Batang Mamama-hayag sa Pagguhit ng Paglalarawang Tudling sa Pamahayagang Pangkampus**

Nang masuri ang mga tugon at kasagutan ng mga batang mamamahayag hinggil sa ikatlong katanungan tungkol sa mga naging kabatiran ng mga batang kartunist sa pagguhit ng paglalarawang tudling o kartung editoryal ay inilahad nito ang kanilang mga naging pananaw bilang mga kartunist sa pamahayagang pangkampus.

Lumitaw ang mga nabuong tema mula sa mga tugon ng partisipante: (a) paniniwala sa sariling kakayahan; (b) pagpupursige sa patuloy na pagsasanay;(c) palagiang pagbabasa ng mga mapagkukunang impormasyon. Makikita nang malinaw sa ikatlong talahanayan ang mga pangunahing ideya at mga tema na nagpapakita sa naging resulta.

ISSN (Online): 2455-3662
EPRA International Journal of Multidisciplinary Research (IJMR) - Peer Reviewed Journal
Volume: 11| Issue: 2| February 2025|| Journal DOI: 10.36713/epra2013 || SJIF Impact Factor 2025: 8.691 || ISI Value: 1.188

**Talahanayan 3.2**
**Mga Pangunahing Tema at mga Kaisipan Tungkol sa mga naging Kabatiran ng mga Batang Mamamahayag sa Pagguhit ng Paglalarawang Tudling sa Pamahayagang Pangkampus**

| Pangunahing Tema | Pangunahing Kaisipan |
|---|---|
| Paniniwala sa Sariling Kakayanan | • Paniniwala sa sariling kakayaan na maging mahusay na kartunista<br>• Pagiging malakas na loob sa pagharap sa mga hamon ng isang pagiging kartunista<br>• Pagiging matapang sa kabila ng mga hamon sa pagiging isang kartunista |
| Pagpupursige sa Patuloy na Pagsasanay | • Patuloy na pagsasanay sa pagpapaunlad ng kasanayan sa pagguhit<br>• Pagsisikap na mahgpatuloy sa pag-eensayo sa pagguhit ng mga kartun<br>• Palagiang pagsasanay sa kabila ng mga hamon nito<br>• Pagpatuloy sa kung anuman ang nasimulan lalo na ang pagguhit<br>• Paglalaan ng oras sa patuloy na pagsasanay sa pagguhit |
| Palagiang Pagbabasa ng mga Mapagkukunang Impormasyon | • Palagiang pagbabasa ng mga artikulo at panonood ng mga balita<br>• Pangangailangan ng pagbabasa ng mga artikulo<br>• Pangangailangan ng pagbabasa ng mga balita<br>• Patuloy na pagbabasa ng mga artikulo para sa pagpapalawak ng kaalaman |

**Pangwakas na Pahayag**
Ang pamahayagang pangkampus ay hindi lamang isang ekstra-kurikular na gawain kundi isang mahalagang kasangkapan sa paglinang ng kakayahan ng mga mag-aaral sa pagsusulat, pagsusuri ng impormasyon, at pakikipag-ugnayan sa iba. Nakakatulong ito upang magkaroon sila ng mas malalim na kamalayan sa mga tunay na nangyayari sa lipunan, na mahalaga sa kanilang pagiging responsableng mamamayan.

Ang pagsasagawa ng pananaliksik ay isang hamon na nangangailangan ng tiyaga, dedikasyon, at sakripisyo. Sa kabila ng mga pagsubok, mas matimbang ang pangarap kong makapagtapos, kaya't pinili kong ipagpatuloy ang nasimulan. Isa sa mga mahirap na bahagi nito ay ang paghahanap ng tamang kalahok at pagsasagawa ng panayam. Bagaman naging bukas ang mga manunulat ng editoryal sa pagbabahagi ng kanilang pananaw, nahirapan naman akong hikayatin ang mga kartunist na palawakin ang kanilang mga sagot. Gayunpaman, sa pamamagitan ng maingat na pakikipag-usap, nagawa kong mapagaan ang kanilang loob at makuha ang kinakailangang impormasyon.

Sa proseso ng pananaliksik, natutunan kong hindi madaling maging isang manunulat ng editoryal o isang kartunist. Ang kanilang husay ay bunga ng tiyaga, patuloy na pagsasanay, at pagmamahal sa kanilang sining. Sa huli, ang aking pananaliksik ay bunga ng dedikasyon, pagsisikap, at di-mabilang na oras ng pagtatrabaho. Ang lahat ng ito ay nagbigay sa akin ng higit pang pag-unawa sa halaga ng pananaliksik at ang layunin nitong maghatid ng kaalaman at kamalayan sa iba.

## REKOMENDASYON
Sa pananaliksik na ito ay may mga temang lumitaw mula sa mga tugon ng mga batang mamamahayag na kartunist at manunulat ng editoryal na nagtataglay ng malalim na kasanayan sa pagtuturo. Una, ang pagsulat ng editoryal ay nakatutulong upang lumawak ang kabatiran ng mga batang mamamahayag sa tunay na nangyayari sa lipunan. Kung gayon natutulungan nito ang mga mag-aaral na magkaroon ng malalimang pagsusuri at pag-unawa sa mga pangyayaring nagaganap sa lipunan. Hindi na mahihirapan ang mga guro na iugnay ang mga mag-aaral sa realidad at tunay na kaganapan ng mundo dahil nagiging malawak at malalim ang pag-unawa nito sa iba't ibang isyung umiiral sa loob at labas man ng silid-aralan. Nagiging interaktibo ang talakayan sa loob ng klase dahil madaling magproseso ng kanilang mga ideya, saloobin, pananaw at paniniwala ang bawat mag-aaral.

Pangalawa, ang pagsulat ng editoryal ay nakatutulong upang maging obhetbo at patas sa pagbibigay ng sariling opinyon ang mga batang mamamahayag. Natutunan nitong suriin ang kabuoang konteksto ng isyu bago magbigay ng puna o paninidigan. Samakatuwid, malaking tulong sa pagtuturo ang pagkakaroon ng kamalayan ng mga mag-aaral sa konseptong patas at pagiging obhetibo. Mahalagang masuri muna ang kanuoang konteksto bago magbahagi ng sariling mga puna at kung magbibigay man ng mga puna, tinitiyak nitong mayroon itong sapat na pagbabatayan.

Bilang mga guro, malaki ang papel nito sa paghubog at pag-impluwensiya sa paniniwala, prinsipyo at paninindigan ng mga batang mamamahayag. Kinakailangan nitong maturuan ang bawat mag-aaral na sa bawat hakbang o desisyon na gagawin ay kailangan nitong isaalang-alang ang kasapatan ng mga datos, ang positibo at negatibong aspeto upang hindi magkaroon ng *bias* na paghuhusga at mapanatili ang kredibilidad nito bilang isang indibidwal.

Pangatlo, malaking tulong ang gabay ng mga tagapayo, at kapwa mamamahayag sa paglinang ng kakakayahan sa pagsulat ng editoryal. Tunay na ang bawat isa ay may pananagutan sa bawat isa. Sa pagtuturo, mahalagang maunawaan ng bawat mag-aaral ang kahalagahan ng pagtanggap ng buong puso sa mga suhestiyon, puna, komento, maging ang pagwawasto mula sa kapwa upang mapaunlad ang piniling landas, sa pagsulat man o sa ibang aspeto ng buhay.

Pang-apat, ang pagbuo ng kartung editoryal ay nakatutulong sa mga batang mamahayag lalo na sa pagiging mulat nito sa mga isyung kasalukuyang umiiral sa sariling komunidad, lipunan at bansa. Kinakailangan ng malawak na pag-unawa ang mga kartunist, dahil ito ang nagiging batayan sa paglikha ng kartung editoryal. Sa pamamagitan ng pagbuo ng sining na ito, nahahasa ang pagiging mapanuri at kritikal na pag-iisip ng mga kartunist dahil sa palagiang pagbabasa at panonood ng mga balita bilang pangunahing mapagkukunang impormasyon. Samakatuwid, mahalagang matutunan din ng mga guro na ang pagbibigay ng makatotohanang halimbawa ay lubos na nakatutulong upang maunawaan ng mga bata ang tunay na nangyayari sa lipunang ginagalawan.

Panglima, ang pagbuo ng mga kartung editoryal ay nagsilbing biswal na komunikasyon na nagpapatid sa opinion at pananaw ng mga kartunist sa isang isyu. Nalilinang ang kakayahan nito sa pagguhit bilang ekspresyon at pagpapalabas ng mga emosyon sa mas kaakit-akit at makatotohanang uri ng sining. Kung kaya, sa pagtuturo mahalagang isaalang-alang ng mga guro ang iba't ibang paraan ng pagtuturo upang higit na malinang ang iba't ibang kakayahan na taglay ng bawat mag-aaral.

Panghuli, malaking tulong para sa mga kartunist ang pagkakaroon ng mga workshop at panonood ng *video tutorial* sa alinmang platform sa social media, mula sa facebook, tiktok at youtube. Natutulungan nitong mapaunlad ang mga kasanayan sa pagguhit lalo na sa pansariling pagsisikap para sa pagpapaunlad ng kasanayan. Kung gayon, ang pagsasagawa ng workshop ay higit na nakatutulong hindi lamang para sa mga kartunist gayundin para sa mga manunulat ng editoryal. Ang pagdalo sa mga pagsasanay sa loob at labas ng paaralan ay nakatutulong din upang lubos na maunawaan nito ang teknikal na aspeto maging ang mga dapat isaalang-alang sa pagsulat ng editoryal at pagbuo ng kartung editoryal.

Para sa susunod na pananaliksik, maaaring pag-aralan ang mas malawak na saklaw ng karanasan ng mga batang mamamahayag, kabilang ang kanilang mga hamon at estratehiya sa pag-unlad. Inirerekomenda rin ang pagsusuri sa mga mekanismo ng pagharap ng mga estudyante sa larangan ng pamahayagang pangkampus upang higit pang maunawaan ang kanilang papel sa lipunan.

## TALASANGGUNIAN


1. *Achin, I. A., Bianus, A. B., & Dawam, Z. A. (2023). The concept of editorial cartoons: Mingos' artworks in the newspapers in Sabah Malaysia. Journal of the International Society for the Study of Vernacular Settlements, 10(5). https://isvshome.com/pdf/ISVS_10-5/ISVS_10.5.10.pdf*
2. *Balunsay, J. R. (2022). Sipat talakay sa mga editoryal kartun ng mga pahayagang pansekundarya sa Catanduanes gamit ang Picture Theory of Meaning ni Ludwig Wittgenstein: Batayan sa pagbuo ng mga kagamitang panturo sa Filipino. U.P. Los Baños Journal, 20(2). https://www.ukdr.uplb.edu.ph/uplb-journal/vol20/iss2/*
3. *Creswell, J. (2012). Educational Research: planning, conducting, evaluating, quantitative, and qualitative resarch (Fourth Edition). United States of America: Pearson Education Inc.*
4. *Macaltao, M. E. (2021). Kasanayan sa pagsulat at mga gawi sa pagsusuri ng mga tagapayo ng peryodismong pangkampus. Dyornal ng Edukasyon at Araling Panlipunan, 2(1).*
5. *Mangila, B. B. (2021). Reading beyond the Strokes: A Semiotic analysis of editorial Cartoons on a campus newspaper of a higher institution in the Philippines. English, Teaching, Learning, and Research Journal, 7(1). https://doi.org/https://doi.org/10.24252/Eternal.V71.2021.A10*
6. *Maryum, S. (2023). Editorial cartoons and current political situation: A content analysis of cartoons. Pakistan Review of Social Sciences (PRSS), 4(2). https://journals.pakistanreview.com/index.php/PRSS/article/view/212*
7. *Ragragio, J. L. (2023). Mediating Banal Populism through vlogging in the Philippines. International Journal of Communication, 17.*
8. *Teijlingen, E. R., Hundley, V., Sathian, B., Simkhada, P., Robinson, J., & Banerjee, I. (2022). The art of editorial. Nepal Journal of Epidemiology, 12(1). https://doi.org/doi: 10.3126/nje. v12i1.43104*
9. *Tumabing, J. P. (2023). Discourse analysis of the editorials of local newspapers in Bacolod City. International Journal of Social Science and Human Research, 6(3). https://doi.org/DOI:10.47191/ijsshr/v6-i3-63*